# GUMAWA NG EMERGENCY KIT - SCAVENGER HUNT

Isa sa mga pangunahing hakbang na puwede mong gawin para makapaghanda para sa emergency ang maghanda ng emergency supplies kit. Puwede kang gumawa ng kit para sa pamamalagi sa bahay, paaralan, sasakyan, o trabaho, o gumawa ng mas maliit na kit na madaling mabibitbit sakaling kailangang lumikas. Sa pagsasanay na ito, ituturo sa iyo kung ano ang mga puwedeng ilagay sa kit.

## Pagpaplano para sa Emergency

### Oras na Kailangan

30 minuto

### Hirap

Madali

### Mga Kinakailangan

Panulat, papel, at mga gamit sa emergency kit

## Mga tagubilin

**Unang Hakbang**

- Hatiin ang klase sa dalawang pangkat. Itatago ng unang pangkat ang mga supply at hahanapin ng ikalawang pangkat ang mga iyon para ilagay sa emergency kit. Magpapalit ng gagawin ang dalawang pangkat pagkatapos.

**Ikalawang Hakbang**

- Ipunin ang lahat ng gamit na dapat ilagay sa emergency kit na itatago ng unang pangkat sa loob ng silid-aralan o gusali ng paaralan.
    - Kasama dapat sa mga itatagong gamit ang mga inirerekomendadong gamit na dapat nasa emergency kit pero dapat ding magsama ng ilang bagay na walang katuturan para mapahirap ang paghahanap.

**Ikatlong Hakbang**

- Gumawa ng listahan ng mga itatagong gamit. Igiit kung aling mga gamit ang inirerekomenda o hindi kinakailangan. May 3 puntos para sa mga gamit na inirerekomendang ilagay sa emergency kit at may 1 puntos para sa mga hindi kailangang gamit.

**Ikaapat na Hakbang**

- Bigyan ang ikalawang pangkat ng listahan ng mga nakatagong gamit na kailangang mahanap sa loob ng limang minuto. Itakda ang timer sa limang minuto. Mananalo ang pangkat na may pinakamaraming puntos.



# GUMAWA NG EMERGENCY KIT - SCAVENGER HUNT

| **Mga ideya para sa inirerekomendang gamit** | **Mga ideya para sa hindi kinakailangang gamit** |
|---|---|
| Charger ng cell phone | Makeup |
| Bote ng tubig | Shampoo |
| Mapa ng lugar | Instrumento sa pagtugtog |
| Hand sanitizer | Mga bulaklak |
| Lente | Kendi |
| First aid kit | Walis |
| Radyo | Larawan |
| Kumot | Stuffed toy |
| Pito | Bathrobe |
| Kagamitang maraming gamit | Libro |

